BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

PARA SA AGARANG PAGLABAS: Agosto 7, 2024
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Pinagmumulta ng Distrito ng Hangin ang Bimbo Bakeries ng $162,000 para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin

SAN FRANCISCO – Ngayong araw, inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na pumayag ang Bimbo Bakeries, USA Inc., na magbayad ng $162,000 para aregluhin ang mga paglabag sa kalidad ng hangin sa pasilidad nito sa South San Francisco. Niresolba ng parusa ang dalawang paunawa sa paglabag na ibinigay sa Bimbo Bakeries, USA Inc.

Niresolba ng areglong ito ang isang paglabag sa hindi pagsasagawa ng taunang inaatas na mga pagsusuri sa pinagmumulan ng emisyon sa kanilang mga boiler sa halagang $150,000 sa loob ng 5 taon (2016-2019 at 2021), at isang araw na paglabag sa pagsobra ng carbon monoxide sa halagang $12,000, na binubuo ng pangkalahatang areglo na $162,000.

"Ang pagtiyak sa pagsunod sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin ay mahalaga para maprotektahan ang kalusugan ng publiko at kalidad ng hangin," sabi ni Dr. Philip Fine, executive officer ng Distrito ng Hangin. "Sineseryoso namin ang mga paglabag na ito at ginagamit namin ang aming mga aksyon sa pagpapatupad upang pinakamahusay na maprotektahan ang mga kalapit na komunidad at mapaganda ang kalidad ng hangin sa buong Bay Area."

Ang Distrito ng Hangin ay nagbibigay ng Mga Abiso ng Paglabag sa tuwing may nalalabag na partikular na regulasyon o panuntunan sa kalidad ng hangin ang mga pasilidad. Kadalasan, kinakailangan ng mga lumalabag na tumugon sa abiso sa loob ng 10 araw at magsumite ng paglalarawan ng mga gagawin nilang pagkilos para maiwasto ang problema. Ang mga pagkilos na ito ay puwedeng kabilangan ng agarang pagpapatigil sa ilang partikular na operasyon o pagbabago sa mga operasyon o kagamitan para makasunod.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X/Twitter, Facebook, Instagram at YouTube.

# # #